# ANG PAGTUGON NG BUONG CANADA SA COVID-19

Simula pa noong nagsimula ang novel coronavirus ay nagtutulungan na ang Public Health Agency of Canada at ang provincial at territorial public health authorities upang masigurado na may koordinasyon sila upang bagalan ang pagkalat ng virus, at upang mabawasan ang mga impact nito sa ating populasyon (lalo na sa mga taong mahihina ang katawan o sistema) at sa ating health system.

**Kabilang sa ating paghahanda sa emergency at response actions ang:**

## LABORATORY NETWORKS

Gamit ang mga mabilis na nagbabagong teknolohiya upang magdibelop at madagdagan sa buong bansa ang testing capacity para sa COVID-19.

## SURVEILLANCE

Ina-identify ang mga kaso at ang kanilang mga contact nang masundan ang mga exposure o pagkalantadm at nang ma-monitor ang community spread upang mabilis na makakilos at mapuntirya o ma-target ng public health authorities kung ano ang dapat gawin.

## RESEARCH

Pagbigay ng kontribusyon sa mga pagsisikap ng mga bansa sa mundo upang mas maunawaan ang COVID-19 upang makapagdibelop ng bagong diagnostic tools, mga bakuna, at treatments.

## PUBLIC HEALTH MEASURES

Pagtaguyod sa mga kilos na dapat gawin ng health care professionals, mga tagapag-empleyo, mga ekswelahan, mga komunidad, at ng lahat upang protektahan ang kanilang mga sarili at ang iba mula sa sakit, at upang mapabagal ang pagkalat ng virus—halimbawa, hand hygiene, paano umubo nang tama, self-isolation, at social distancing.

## PAGHANDA NG HEALTH CARE

Pagdala ng resources, tulad ng surgical masks, face shields, mga gamot, at health care workers sa iba't-ibang dako ng Canada kung saan sila kinakailangan.

## KOMUNIKASYON AT OUTREACH

Pagbigay ng napapanahon at napapagkatiwalaang impormasyon batay sa ebidensiya; ang impormasyon na ito ay kinakailangan ng Canadians upang protektahan ang kanilang mga sarili, ang kanilang mga pamilya, at ang kanilang mga komunidad at mga negosyo.

## BORDER AT KALUSUGAN KAPAG NAGBIBIYAHE

Titingnan kung sino ang mga nagbibiyahe na maaring may sakit, at ipaalám sa lahat ng mga biyaherong pumapasok sa Canada na dapat silang mag-self-isolate, mag-monitor para sa mga sintomas, at kumilos nang naaangkop kapag nakaranas sila ng mga sintomas.

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA CORONAVIRUS:

1-833-784-4397 | canada.ca/le-coronavirus | canada.ca/coronavirus

Agence de la santé publique du Canada
Public Health Agency of Canada
Canada